

# Lungsod ng Nishio

## Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili

### Gabay para sa Gumagamit



**Mangyaring kumonsulta sa amin kung may problema ka hinggil sa pagkonsumo**

**(Mga bagay tungkol sa kontrata, pagbabayad ng utang, atbp.)**

✿ Kung nahihirapan kang kumonsulta sa wikang Hapon, **mangyaring sumangguni kasama ang isang taong nakakapagsalita ng wikang Hapon.**

✿ Maaari ring magawa ang kontrata sa pamamagitan ng pasalista. At dapat mong tuparin ang kontratang pinasukan mo.  
Kung balak mong kumuha ng isang mamahaling kontrata, huwag magpasya nang mag-isa. Mangyaring kumonsulta sa iyong pamilya o kaya sa Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili.

✿ Ang Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili ay nagbibigay ng payo o nagsisilbing namamagitan (mediation) para sa boluntaryong pakikipagnegosasyon tungkol sa kaligtasan, kalidad at kontrata ng mga produkto at serbisyo, maaari rin itong magpakilala ng ibang mga organisasyon na maaaring makatulong sa iyo.

**Hindi pwede na kami ang makipagnegosasyon sa isang negosyante o magbigay ng administratibong gabay sa ngalan mo.**

Hindi namin maaaring husgahan ang kredibilidad ng isang negosyante.



# Kapag nagkaproblema\*<sup>1</sup> ang mamimili, Agad na kumonsulta



Kapag nababahala, at kapag nalagay sa isang bagay na hindi inaasahan. Huwag itong alalahanin nang mag-isa. Mangyaring kumonsulta sa Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili.

## ⚠ Nakaranas ka na ba ng ganito?

### Door-to-door na pagbebenta\*<sup>2</sup>

### Dumating ang hindi kilalang tao

- Inirekomenda sa akin na baguhin ko ang aking kontrata dahil mas makakamura kung pagsasamahin ang mga kontrata para sa mga linya ng kuryente at Internet.
- Inirekomenda sa akin na kumuha ako ng panibagong kontrata para sa dyaryo at suplemento.



Isang masamang pamamaraan sa pagnenegosyo kung saan ang salesperson ay nagpapanggap na mag-inspeksyon at magsasabing kailangang palitan ang mga kagamitan sa bahay\*<sup>3</sup>

### Dumating ang hindi kilalang salesperson

- Inirekomenda sa akin ang pag-inspeksyon ng panlabas na dingding at bubong ng bahay nang libre.
- Inirekomenda sa akin na gumamit ako ng insurance para sa sunog para maipaayos ang bahay ko.



### Pagbili ng produkto sa pamamagitan ng pagbisita ng isang salesperson\*<sup>4</sup>

### Nakatanggap ng tawag mula sa hindi kilalang salesperson

- Sinabi kasi niya sa akin na, "Bibilhin niya ang mga damit at sapatos ko na hindi na ginagamit." Pero noong nagkita na kami, pinilit niya akong bentahan ng mga mamahaling alahas.



### Pagpapadala ng Business Code\*<sup>5</sup>

### Dumating ang package na hindi mo alam

- Dumating sa bahay ang hindi inorder na produkto. May nakalagay na invoice, ngunit ayaw mong bayaran dahil hindi mo naman inorder ito.





## Investment na scam<sup>\*6</sup>

## Inimbitahan ako para kumita

- Inimbitahan akong mag-invest dahil talagang kikita raw ako.
- Inimbitahan akong mag-invest dahil garantisado raw ang principal.
- Hinikayat akong dumalo sa seminar dahil mayroon daw magagamit na tools at sites para sa pakikipagkalakal.



## Multi-level marketing<sup>\*7</sup>

## Nakatanggap ako ng friend request sa SNS


- Inimbitahan akong gawin namin ito nang magkasama dahil sa kuwentong madali kaming kikita.
- Sinabi sa akin na magkakaroon ako ng pera kung ipaparehistro ko ang kakilala ko.



## Pagkansela ng Kontrata/ Pagkansela<sup>\*8</sup>

## Pag-alis sa inuupahang apartment

- Sobrang mahal ng gastos sa paglipat mula sa apartment na matagal ko nang inuupahan.



## Aksidente sa Produkto<sup>\*9</sup>

## Nasira ang sasakyan

- Hindi gumana ang brake ng sasakyang binili ko noong nakaraang buwan at napinsala ako.



## Maraming utang<sup>\*10</sup>

## Hindi ko kayang bayaran ang utang ko

- Kinulang ako sa panggastos kaya't ipinambayad ko ang perang hiniram ko sa consumer loan at credit card, pero lumaki ang utang ko at hindi ko na mabayaran.



# Tungkol sa pag-iwas ng mamimili sa pinsala\*<sup>1</sup> Mangyaring kumonsulta



Ang Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili ay namamahagi ng kaalaman at impormasyon sa pagkonsumo.

Para magkaroon tayo ng tamang kaalaman upang maiwasan natin ang mapinsala.

## Mag-ingat sa mail-order sales\*<sup>11</sup>



- Walang cooling-off period (panahon kung kailan maaaring ikansela o isauli ng mamimili ang binili) sa mail-order sales. Mangyaring suriin ang mga tuntunin sa pagbebenta bago bumili.
- Iwasan ang pagbili ng mga produktong napakamura kumpara sa presyo sa merkado. (May panganib na pekeng produkto ang dumating, maaaring hindi dumating ang binili, atbp.)
- Karamihan sa mga kaso, ang mail-order sales na nagsasabi ng “subukan” o “napakamura” ay sumasailalim sa mga regular na pagbili (pagbili nang maraming beses) na hindi mo maaaring kanselahin nang mag-isa.
- Mag-ingat sa pagtransfer ng pera sa isang bank account na gamit ang personal na pangalan.

## Mag-ingat sa isang-click na scam\*<sup>12</sup>/mapanlokong billing scam\*<sup>13</sup>



- Sa Internet screen ay may biglang lilitaw na “Tapos na ang Pagpaparehistro”, at malaki ang magiging singil sa pagpaparehistro. Gawain ito ng isang-click na scam ang paniningil ng pera, pagsingil sa withdrawal, atbp.
- Ang mapanlokong billing scam ay nagpapadala ng isang mapanlinlang na bill o singil sa pamamagitan ng mga pekeng email at SMS na “Mayroong hindi pa nababayarang singil” sa ilalim ng pangalan ng pampublikong organisasyon, kumpanyang platform, kumpanyang nagpapadala ng produkto at kumpanyang tumatanggap ng pagbabayad.
- Ang solusyon ⇒ Huwag makisangkot/Huwag pansinin/Huwag magbayad.

## Lubos na tanggihan ang mga hindi kinakailangang door-to-door na pagbebenta/telemarketing\*<sup>14</sup>



- Hindi mo kailangang pakinggan hanggang sa matapos ang mga door-to-door na pagbebenta at telemarketing.
  - Sa kaso ng telemarketing, mangyaring ibaba ang telepono sa pamamagitan ng pagsabi ng “Hindi ko kailangan yan.”
  - Sa kaso ng door-to-door na pagbebenta, mangyaring sabihin ang “Umuwi ka na hindi ko kailangan yan.”
- Kapag ayaw umuwi ng nagbebenta ng door-to-door, Mangyaring i-report ito sa pulis.
- Pulisya ng Nishio ☎0563-57-0110

## Huwag agad na makipagkontrata sa mismong lugar. Huwag magbigay ng pera

- Napakahirap mabawi ang perang ibinayad mo. Huwag magpasya nang mag-isa, mangyaring kumonsulta sa Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili nang may **kasama na isang taong nakakapagsalita ng wikang Hapon**.



## Huwag ipahiram sa third party ang cellphone/account sa bangko

- Illegal ang pagpapahiram ng cell phone o account sa bangko sa isang third party (name lending).
- Posibleng magamit ito sa mga krimen. **Mangyaring huwag na huwag** ipahiram ang iyong pangalan.



## Huwag ipadala sa pamamagitan ng koreo ang pera.

- Illegal ang pagpapadala ng pera sa pamamagitan ng koreo (kabilang ang mga Letter Pack)
- Ang mga ito ay hindi mapagkakatiwalaang tao. **Mangyaring huwag na huwag** magpapadala.
- Isa ring mapanlokong krimen ang pagbibigay ng maling pahayag gaya ng pagkukunwaring ang produkto ay isang "libro".



## Gamitin nang tama ang produkto.

- Mangyaring basahin nang mabuti ang manwal ng tagubilin para sa produkto at gamitin nang tama.
- Mangyaring regular na magsiyasat at maglinis.
- Kunan ng litrato kapag may depekto.



**TSEK!**

### Kumonsulta sa abogado para sa mga paghahabol para sa bayad-pinsala.

Hindi maaaring tanggapin ng Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili ang mga pagpapakonsulta hinggil sa paghahabol para sa mga bayad-pinsala.

Mangyaring kumonsulta sa isang abogado. Sa Sentro, ipakikilala sa iyo ang Aichi Bar Association  
Aichi Bar Association (West Mikawa Branch Hall) ☎0564-54-9449

**TSEK!**

### Hindi kami maaaring makialam sa mga personal na problemang nauugnay sa pagkonsumo.

#### Transaksyon sa Internet Auction at Free Market

- Kontrata ng pagbebenta sa pagitan ng mga indibidwal (personal na pagbebenta ng sasakyan, pagpapaupa ng tirahan, paglipat ng mga karapatan sa isang bagay o transfer of rights)
- Paghihiraman ng pera sa pagitan ng mga indibidwal, paghahabol ng kompensasyon (may kontrata man o wala), atbp.

Kapag nagkaroon ng problema ang isang tao...

Internasyonal na Asosasyon ng Aichi/Sentro ng Maraming Kultura ng Aichi (☎053-961-7902)  
Houterasu/Serbisyong Naghahandog ng Impormasyon sa Maraming Wika (☎0570-078377)



TSEK!

## Alam mo ba ang sistemang cooling off?

Ang sistemang cooling off ay ang sistema kung saan makakapagkansela ng kontrata (nang walang kondisyon) ang mamimili sa itinakdang panahon.

Mayroong 8 hanggang 20 araw na cooling off period depende sa pamamaraan at uri ng kontrata.

8 araw

door-to-door na pagbebenta/  
telemarketing/patuloy na  
paghahandog ng partikular na  
serbisyo/pagbili ng produkto sa  
pamamagitan ng pagbisita ng isang  
salesperson

20 araw

Multi-level marketing/  
transaksyon ng pagbebentang  
naghihimok ng negosyo

Walang probisyong cooling off para sa mail-order sales, ngunit ang negosyante ay maaaring mayroong "espesyal na tuntunin sa pagsasauli ng binili." Mangyaring kumpirmahin sa homepage ng negosyante.

|                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                         |                                                                                                                    |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>keiyakukaijotsuchisho</p> <p>keiyakunengappi reiwa〇〇nen〇gatu〇nichi<br/>shomenjuryobi reiwa〇〇nen〇gatu〇nichi<br/>shouhinmei 〇〇〇〇<br/>keiyakukingaku 〇〇〇〇en<br/>hambaikaishamei 〇〇〇kabushikigaisha<br/>tantousha〇〇〇shi</p> <p>jokinichijinokeiyakuha kaijoshimasu.<br/>sumiyakani shiharaizumino〇〇enwo henkinshi<br/>shouhinwo hikittottekudasai.</p> <p>reiwa〇〇nen〇gatu〇nichi<br/>jusho<br/>shimei</p> | <p>ゆうびん 郵便ハガキ</p> <p>□□□-□□□□</p> <p>〇〇 shi<br/>〇〇 chou 〇〇 banchi</p> <p>〇〇 kabushikigaisha<br/>daihyosha sama</p> |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|



## Impormasyon tungkol sa numero ng mga Hotline para sa mga turistang mamimili na bumibisita sa Japan

Ang "Hotline para sa mga turistang mamimili na bumibisita sa Japan" ay isang serbisyo ng pagkonsulta sa telepono kapag nagkaroon ng problema ang mga mamimiling turistang bumibisita sa Japan habang sila ay nasa bansa. Mangyaring makipag-ugnayan muna sa amin sa telepono kapag nagkaroon ng problema sa tindahan, restawran, pasilidad ng transportasyon, hotel na tinutuluyan, atbp.

Hotline para sa mga turistang  
mamimili na bumibisita sa Japan

☎ 03-5449-0906

\*1

### Pinsala sa Mamimili (Problema ng Mamimili)

Pinsala sa buhay/katawan/pag-aari ng mamimili na dulot ng paggamit sa biniling produkto at serbisyo.

\*2

### Door-to-door na pagbebenta

Isang paraan ng pagbebenta kung saan ang mga salesperson ay basta-basta na lang bumibisita sa mga tirahan ng mamimili at magbebenta ng produkto at naghahandog ng mga serbisyo nila.

\*3

Isang masamang pamamaraan sa pagnenegosyo kung saan ang salesperson ay nagpapanggap na mag-inspeksyon at magsasabing kailangang palitan ang mga kagamitan sa bahay

Bibisita sa tirahan ang isang kontratista para mag-inspeksyon, linspeksyunin nito ang bubong, labas na dingding, mga insekto sa ilalim ng sahig, fire extinguisher. Magsasagawa ito ng mga hindi kinakailangang pagkukumpuni/pagpapalit ng piyesa/produkto at pest control at pagkatapos ay magpapataw ng malaking halaga.

\*4

### Pagbili ng produkto sa pamamagitan ng pagbisita ng isang salesperson

Sa isang transaksyon na kung saan ang salesperson ay bumibisita sa tirahan ng mamimili, at puwersahan ipinabibili ang isang mamahaling produkto gaya ng mamahaling alahas sa mababang halaga.

\*5

### Pagpapadala ng Business Code (Negatibong Opsyon)

Isang paraan ng pagbebenta kung saan kahit hindi mo inorder ang isang produkto ay ipapadala ito sa iyo at pagbabayaran ka sa nasabing produkto.

\*6

### Investment na scam

Sa foreign exchange trading (FX trading) at binary options trading, mahusay na isinasagawa ang paghingi ng investment gamit ang mga salitang "garantisado ang principal," "laging kikita," "sa'yo lang ipinaaalam." Ngunit ito ay isang scam at hindi talaga kikita. Hindi rin ibinabalik ang halos lahat ng principal at hindi makokontak ang nanghinging trader.

\*7

### Multi-level marketing

Ang isang miyembro ng organisasyon ng pagbebenta para sa mga kosmetiko at produktong pangkalusugan ay mag-iimbita sa mga bagong miyembro para sumali. Pagkatapos, ang bagong miyembrong iyon ay mang-iimbita ng panibagong miyembro, at sa pag-iimbita ay lumilikha ito ng isang pyramid na estrukturang pamamaraan ng negosyo.

\*8

### Pagkansela ng Kontrata/Pagkansela

Ang pagkasela ng kontratang napirmahan na ay tinatawag na pagkansela ng kontrata. Sa kaso ng nagpapatuloy na kontrata tulad ng pag-upa ng apartment, ang kontrata ay makakansela lamang sa hinaharap.

\*9

### Aksidente sa Produkto

Aksidenteng dulot ng depekto sa produkto na nagdulot ng pinsala sa buhay o katawan ng mamimili.

\*10

### Maraming utang

Ito ay isang kalagayan na kung saan ay mag utang ka sa maraming kumpanyang nagpagpapautang gaya ng consumer loan o mga kumpanya ng credit card, atbp., at hindi na makayanang bayaran ang mga utang na iyon.

\*11

### Mail-order sales

Isang paraan ng pagbebenta kung saan ang negosyo ay nag-aanunsyo sa mga pahayagan, magazine, telebisyon, radyo, Internet at iba pa, at tumatanggap ng mga order mula sa mamimili sa pamamagitan ng koreo, telepono at Internet.

\*12

### Isang-click na scam

Isang scam na nag-aatas sa iyong magbayad ng malaking halaga sa pagdedeklara nila ng kontrata gaya ng pagsali sa serbisyo sa pamamagitan lamang ng pag-click sa URL sa isang pang-adulto na site o email sa Internet.

\*13

### Mapanlokong billing scam

Ito ay isang scam kung na saan makakatanggap ka ng isang sulat ng pagkolekta ng bayad mula sa isang kumpanya na hindi mo kilala, o isang sulat ng pagkolekta ng bayad sa pamamagitan ng postcard o email.

\*14

### Telemarketing

Isang paraan ng pagbebenta kung saan ang salesperson o call center ay tumatawag sa mamimili na may layuning magpakilala ng produkto, o papasukin sa kontrata ang mamimili, atbp.



## Mga punto na dapat bantayan kapag gumagamit ng Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili

### 1 Mangyaring kumonsulta ang mismong kontratista.

Magpatuloy sa pagpapakonsulta pagkatapos makumpirma ang layunin ng kontratista.

### 2 Mangyaring dalhin ang mga dokumento, atbp.

Kapag magpapakonsulta, mangyaring dalhin ang kontrata at mga dokumentong magpapaunawa sa nilalaman ng kontrata, atbp.

### 3 Tungkol sa Batas.

Ang mga kontrata na may kinalaman sa mga dayuhang kumpanya ay sumusunod sa mga patakaran ng kumpanya at hindi maaaring mapangasiwaan ng batas ng Japan.

### 4 Hindi na ibabalik ang mga dokumento.

Bilang tuntunin, ang mga dokumento(kopya, atbp.) na ibinigay bilang mga materyal ay hindi na ibinabalik.

### 5 May mga pagkakataon na magtatanong kami ng personal na impormasyon.

Sa oras ng pagkonsulta, may mga pagkakataon na magtatanong kami ng personal na impormasyon, atbp. Mangyaring tandaan ito.

### 6 Mangyaring makipagtulungan sa pamamagitan ng maagang pagpapa-appointment.

Kung direkta kang pupunta sa counter, may pagkakataong kailangang mahintay depende sa dami ng tao.

Bukod dito, maaga naming inihahanda ang mga materyal, kaya kung mayroon kang appointment, magiging maayos ang daloy ng pagpapakonsulta mo.

#### [Kontaks]

Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili ng Lungsod ng Nishio

西尾市消費生活センター

22 Shimoda, Yorizumi-cho, Lungsod ng Nishio  
(Nishio City Hall, Conference Building 1F)

**TEL:0563-65-2161**

FAX: 0563-53-1753

Oras ng Pagkonsulta: 9:00 AM - 4:00 PM  
(Unahin ang mga Nagpa-appointment)

Isasagawa ang pagkonsulta sa wikang Hapon



Homepage ng Lungsod ng Nishio  
Tingnan ang "Konsultasyon sa Pamumuhay ng Mamimili/Konsultasyon sa Maraming Utang"



Instagram ng Sentro para sa Pamumuhay ng Mamimili ng Lungsod ng Nishio

